# Ang Gintong Baul

*Vanesa B. Mazo*

Sa isang isla bayan ng Binanginonan na kung tawagin ay "Isla ng Talim", nakatira ang mag-asawang Pio at Vina. Sila ay may malawak na lupain sa paanan ng Bundok na kung tawagin ay Bundok Tagapo.Ito ay ekta-ektaryang lupain na minana niya sa kanilang mga magulang. Ang mag-asawa ay sobrang sipag kaya marami silang tanim na puno ng saging at kamoteng kahoy. Tuwing umaga, naglalakad ng isang kilometro ang mag-asawa mula sa bahay papunta sa bukid. Puno ng pagmamahal ang mag-asawa sa isa't isa. Si Pio kahit na may edad na ay matipuno at makisig pa rin. Marami pa rin kababaihan ang humahanga sa kanya. Batid ito ni Vina, pero hindi siya naiinis sa kanila.

Kahit mahirap ang trabaho sa bukid, ay nagtitiis ang mag-asawa upang makaani sila ng marami. Mahirap ang buhay sa isla, kaya nagsusumikap silang mapagtapos sa pag-aaral ang mga anak nilang si Lucy, Shana, Ludy at Vising.

Isang araw ng buwan ng Hunyo, nagulat ang mag-asawa sa dami ng bunga ng kanilang saging na nagniningning na dilaw. Tuwang tuwa ang mag-asawa. Marami silang kikitain dito. Dahil sa tuwa ni Pio sa kanyang mga tanim na saging, binantayan niya ito buong araw at buong magdamag. Noong gabing iyon, nagpakita kay Pio ang isang engkantada, "Magandang Gabi Pio!, gulat na gulat at takot na takot si Pio. Sa kalagitnaan ng dilim ay kumaripas siya ng

takbo papunta sa kanilang bahay. “Naku po Diyos ko po, sigaw ni Pio habang tumatakbo. Sa bilis ng kanyang pagtakbo ay nadapa siya dahil sa ugat ng mga puno na kanyang natapakan. Waaaaaaaaaaaahhhh.. Sino ka? Malakas na sigaw ni Pio. Habang papalapit ang engkantada ay bigla na lang syang nawalan ng malay.

Nagising si Pio sa masarap na amoy ng mga pagkain. Nakahiga siya sa isang napakaganda at malambot na kama. Tumayo siya at naglakad at tumambad sa kanya ang isang napakagandang palasyo. “Magandang umaga Pio! Muntik ulit himatayin si Pio sa pagkabigla. “Wag kang matakot Pio, ako nga pala si Prinsesa Bela, at nandito ka sa aming kaharian ng mga Engkantada”.

“Bakit mo ako dinala dito sa inyong kaharian? Bagaman natatakot, naglakas loob pa rin siya sa pagtatanong sa magandang engkantada. “Isa kang masipag at mabait na tao Pio” Napakaswerte ng iyong asawa dahil mayroon siyang masipag at mabait na asawa tulad mo. Araw araw kitang nakikita at sinusubaybayan. Bakit mo ako sinusundan? Tanong ni Pio sa engkantada.Saglit na ngumiti ang engkantada at sinabing ”Napahanga mo ako Pio. Matagal na kitang gustong makilala at maging kaibigan." Namangha si Pio sa sinabi ng engkantada. “Baka hinahanap na ako ng asawa ko, tiyak na nag-aalala na siya sa akin”, sabi ni Pio… Gusto mo na bang umalis Pio? “Oo, ibalik mo na ako sa mundo namin? “Sige Pio kung iyan ang gusto mo? Pero may ipapakiusap sana ako sayo? Pwede bang magkita tayo araw araw tuwing tanghali? "Kapag ginawa mo ito, gamit ang aking mahika ay nangangako ako

na bibigyan ko kayo ng madaming ani... hindi na kayo mag-aantay pa ng matagal na panahon. Laging magiging hitik ang bunga ng inyong mga pananim." Wika ng engkantada. "Gusto ko po sanang umuwi na", sagot ni Pio. :Sige iuuwi na kita pero pag-isipan mo ang alok ko sa iyo."

Samantalang, si Vina ay pumunta sa bukid at nagtaka kung bakit wala doon si Pio. Bumalok siya sa kanilang nayon at ipinagtanong tanong si Pio subalit wala kahit isa na nakakita dito. Sa kanyang takot, naisipan niyang ipakatog ang kampana ng simbahan ng pitong beses. Nagdasal si Vina na Makita na niya si Pio.Makalipas ang tatlumpung minuto ay nakita niyang naglalakad si Pio mula sa bukid. Agad niya itong sinalubong at niyakap. Saan ka ba galing Pio? Alalang alala ako sayo.Akala ko kung napaano ka na?

“Naisipan kong akyatin ang Bundok ng Tagapo kagabi kaya ako nawala sagot ni Pio. Tara na at umuwi na tayo”

Nang sumapit ang gabi, naalala ni Pio ang alok ng engkatada.Inisip niya ang kanyang asawa at mga anak. Magiging masagana ang kanilang pamilya kapag pumayag siya sa gusto ng engkantada. Hindi na nila kailangang magpakakuba sa bukid. Kinabukasan, masiglang pumunta sina Pio at Vina sa kanilang bukid. Maghapon silang naglinis ng kanilang taniman. Noong pauwi na sila, nagpaiwan si Pio at nagsabing kakausapin muna niya ang kanyang mga tanim. Pumayag naman si Vina na mauna na siyang umuwi.

Hinintay muna ni Pio na makalayo na si Vina saka sumigaw. “Prinsesa Bella, magpakita ka! Nakaramdam siya ng samyo ng malamig na hangin. At may biglang nagsalita, “Pio ano ang maitututulong ko sa iyo?

Huminga ng malalim si Pio bago nagsalita, “Nakapagdesisyon na ako. Payag na ako sa gusto mong mangyari. Makikipagkita ako sayo tuwing tanghali at sasama sa kaharian ng mga engkantada. Ano naman ang magiging kapalit nito?

Napangiti ang engkantada, “Lahat ng gusto mo Pio ay ibibigay ko”, ang sabi nito.

“Kung gayon, gusto kong maging masagana ang aking pamilya. Bigyan mo kami lagi ng madaming ani."

“Masusunod Pio, ibibigay ko ang iyong kahilingan. Mula ngayon ay magiging hitik at masagana ang bunga ng inyong mga pananim. Bukod dito, may ibibigay rin ako sa iyong gintong baul na naglalaman ng mga ginto at pilak. Matatagpuan mo ito sa pusod ng inyong taniman, sa ilalim ng puno ng saging na may pulang bunga. Madadagdagan ang laman nito basta tutupad ka sa pangako mo magiging kapiling kita sa aming kaharian” pahayag ng engkantada. “ Nangangako ako”, sabi ni Pio.

Mula noon si Pio ay sa bukid nanananghalian. Tuwing alas-dose ng tanghali ay nakikipagkita siya kay Prinsesa Bella. Dinadala siya nito sa kanilang kaharian.

Mula noon laging sagana ang kanilang ani. Naging masagana rin ang kanilang pamilya. Tuwang tuwa si Vina. Alam niyang nagbunga ang paghihirap nilang mag-asawa sa bukid. Naniniwala siya na pinagpapala sila ng Diyos dahil sa kanilang kasipagan.

Isang tanghali, naisipan nyang surpresahin si Pio sa bukid. Nagdala siya ng mga pagkain at mga panghimagas gaya ng makapuno at matamis na mani. Nang makarating siya sa bukid ay tinawag nya ng tinawag si Pio, subalit hindi ito sumasagot. Nagpasya siya na umuwi na lang sa bahay dahil baka nandoon na ito. Ngunit wala pa rin si Pio. Makalipas ang isang oras ay umuwi ito at natulog sa bahay. Mukhang pagod na pagod ito.

Sa mga sumunod na araw, si Vina ay laging tumutungo sa bukid tuwing tanghali sumablit hindi nya talaga nakikita si Pio. Kinabahan na sya sa nangyayari sa asawa. Kapag bumabalik ito sa bukid ay mukhang pagod na pagod ito.

Naisipan ni Vina na lumapit sa isang albularyo kung bakit at itanong laging nawawala ang asawa niya tuwing tanghali. Lagi ring pagod na pagod ito pagkagaling sa bukid. Ayon sa albularyo, ang kanyang asawa ay may karelasyon na isang engkantada. Naipaliwanag din nito na kaya masagana ang kanilang bukid ay dahil sa engkantada. Binibiyayaan ng engkantada si Pio kapalit ng pagkikita nila tuwing alas-dose ng tanghali kung saan ay dinanala nito si Pio sa kanilang kaharian kaya ito nawawala. Mayroon din daw naibigay

na gintong baul ang engkantada kay Pio na nakabaon sa ilalim ng saging na may pulang bunga na nasa gitna ng kanilang taniman.

Nang malaman ito ni Vina, kinuha niya ang kanilang napakalaking gulok at pumunta sa bukid, hinahanap nya ang saging na may pulang bunga at pinagtataga ito at pinagsasaksak ang ugat nito. Gulat na gulat si Vina sapagkat sa pagsaksak niya sa mga ugat, narinig niya ang kalansingan ng mga bagay na tila ba mga barya. Itinuloy lang niya ang pagsaksak hanggang sa wala na siyang marinig na tunog. Sa nanginginig na tinig ay kanyang sinabi. "Kung sino ka mang engkantada ka, layuan mo ang asawa ko. Hindi ka namin kailangan!!!. Aangat kami sa buhay kahit hindi mo kami tulungan. Ibalik mo sa akin ang sasawa ako at wag mo na kaming gagambalain kahit kailan. Wala kang karapatan sa asawa ko!Wala! Wala! Nanginginig at naiiyak siya sa sobrang galit.

Sa di kalayuan ay nakita nyang paparating si Pio na tila ba matutumba, patakbo niya itong sinalubong at inuwi niya sa kanilang bahay. Mula ng araw na iyon, nagkasakit na si Pio. Naging isang lantang gulay na lamang siya. Hindi na siya nakalakad. Namayat rin siya sa pagtagal ng panahon. Hindi na siya nakakapagtrabaho sa bukid. Nalungkot si Vina sa nangyari sa kanyang asawa. Masakit man sa kalooban nya

ay nagsisi siya sa kanyang ginawa. Kung hindi sana siya nagalit sa engkantada ay baka hindi nagkasakit ang kanyang asawa at masagana sila ngayon. Pero ayaw din naman niya na may kaagaw sa kanyang asawa. Sobrang hirap ng

kalooban ang nadarama ni Vina. Dagdag pa rito ang pagtaguyod niya sa kanyang mga anak na mag-isa.

Naikwento ni Vina sa kaniyang mga anak ang nangyari sa kanilang ama at nalungkot ang mga ito. Alam nila na kaya nagkasakit ang kanilang ama ay dahil sa engkantada. "Paano na tayo ngayon Inay? Sabi ni Lucy? Bakit hindi na lang natin kunin ang gintong baul sa bukid upang maipagamot natin si Tatay?, ani Shana. "Huwag na huwag nyong gagawin iyan? Sabi ni Vina.

Dahil sa kagustuhang maipagamot ang ama ay hinanap ng mga anak ni Pio ang gintong baul subalit hindi nila ito nakita pa. Makalipas ang anim na buwan ng pagkakaratay sa sakit ay namatay si Pio. Sobrang pighati at pagsisisi ang naramdaman ni Vina at ng kanyang mga anak.

Nalaman ng mga taga-Nayon ang nangyari kay Pio. May mga nangahas na hanapin ang gintong baul sa kanilang bukid pero walang nagtagumpay na makita ito. Hanggang ngayon , may mga pilit pa rin naghahanap sa gintong baul subalit hindi na ito nagpakita pa tulad ni Prinsesa Bela.